



Pagsusuri (Testing) sa Sakit na Coronavirus 2019

Para tingnan ang dokumentong ito sa iba't-ibang wika o sa web format bisitahin ph.lacounty.gov/acd/ncorona2019/covidtests

PAGPROTEKTA SA IBANG TAO

- Ang mga taong may COVID-19, kahit na sila ay walang mga sintomas, ay maaaring maging labis na nakakahawa at maipapasa ang impeksyon sa ibang tao.
- Walang pagsusuri ang perpekto, kahit na ikaw ay nasuring negatibo, mahalaga pa rin na gumawa ng mga hakbang para bawasan ang pagkalat ng COVID-19 at iba pang mga nakakahawang sakit.
- Kung mayroon kang lagnat o pangangapos ng hininga o tingin ng doktor mo ay may COVID-19 ka, dapat kang magbukod (ihiwalay ang sarili mo sa ibang tao), at ang iyong mga malapitang nakasalamuha ay kailangang magbukod. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang lacounty.gov/covidisolation.
- Kung ikaw ay [malapitang nakasalamuha](#) ng isang taong may COVID-19 o pinaghihinalaan na may COVID-19, dapat kang magbukod (manatili sa bahay; ihiwalay ang sarili mo sa ibang tao para "maghintay at makita" kung magkakaroon ka ng sakit) *kahit na ikaw ay nakakuha ng negatibong resulta ng pagsusuri*. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang <http://publichealth.lacounty.gov/acd/docs/COVHomeQuarantineTagalog.pdf>.
- Ang pinakamahusay na paraan para bawasan ang panganib ng COVID-19 ay ang [magsanay ng araw-araw na pag-iwas](#), kabilang ang pagpapanatili ng iyong distansya mula sa ibang tao, pagsusuot ng telang pantakip ng mukha (cloth face covering) nang tama sa pareho mong ilong at bibig, at madalas na paghuhugas ng iyong mga kamay. Maging matalino sa pagpili at iwasan [ang 3 C](#) (confined spaces o kulong na espasyo, crowding o pagsusumiksik, at close contact o malapitang pakikisalamuha).

PAGSUSURI PARA SA KASALUKUYANG IMPEKSYON NG COVID-19:

Mga Dayagnostikong (Viral) Pagsusuri – Molecular at Antigen na mga Pagsusuri

Aling Pagsusuri (test) ang Inirerekomenda para Makahanap ng Kasalukuyang Impeksyon

- Ang molecular na pagsusuri ay inirerekomenda para magtsek ng kasalukuyang impeksyon dahil sila ay mas mahusay kaysa sa antigen na pagsusuri sa pagtuklas ng virus na nagsasanhi ng COVID-19.
- Ang antigen na pagsusuri ay mas mabilis kaysa sa karamihan ng molecular na pagsusuri, ngunit hindi sila ganoon kahusay at hindi nakakatuklas ng mas maraming impeksyon. Dahil dito, kung may negatibo kang resulta ng antigen na pagsusuri, dapat kang masuring muli gamit ang molecular na pagsusuri, lalo na kung may mga sintomas ka ng COVID-19.
- Ang serology na pagsusuri ay hindi inirerekomenda para makapaghanap ng kasalukuyang impeksyon.
- Tanungin ang iyong tagapagbigay (provider) kung aling uri ng pagsusuri ang kanilang ginagamit.

MGA URI NG PAGSUSURI SA COVID-19

	MGA DAYAGNOSTIKONG (VIRAL) PAGSUSURI Nagpapakita ng kasalukuyang impeksyon		ANTIBODY NA PAGSUSURI Nagpapakita ng lipas na impeksyon
Kilala rin bilang	Molecular na Pagsusuri	Antigen na Pagsusuri	Antibody na Pagsusuri
	<ul style="list-style-type: none"> Dayagnostikong pagsusuri Nucleic acid amplification test (NAAT) Reverse-Transcriptionase Polymerase Chain Reaction (RT-PCR o PCR) 	<ul style="list-style-type: none"> Rapid diagnostic test 	<ul style="list-style-type: none"> Serology Serological test Blood test
Kapag ang pagsusuri ay inirerekomenda	<ul style="list-style-type: none"> Para sa mga taong may mga sintomas ng COVID-19 Para sa mga tao na malapitang nakasalamuha sa COVID-19 Para sa mga tao na walang mga sintomas na naninirahan/nagtatrabaho sa isang kapaligiran na may mataas na panganib na kinilala bilang bahagi ng pagtuklas at pagtugon sa isang pagsiklab 	<ul style="list-style-type: none"> Para sa mga taong may mga sintomas ng COVID-19 	<ul style="list-style-type: none"> Inirerekomenda <u>lamang</u> para sa mga tiyak na sitwasyon. Tingnan ang "mga gamit ng serology" HINDI para sa dayagnosis ng isang kasalukuyang impeksyon HINDI para ipakita na ang isang tao ay walang COVID-19
Paano gumagana ang pagsusuri	Tumutuklas ng genetikong materyales mula sa COVID-19 virus	Tumutuklas ng mga protina sa ibabaw ng COVID-19 virus	Tumutuklas ng antibodies na ginagawa ng sistema ng immuno (immune system) ng katawan bilang tugon sa impeksyon ng COVID-19. Inaabot ng 1-3 linggo pagkatapos na mahawaan ang isang tao para magpakita ang antibodies sa pagsusuri.
Uri ng sample	Swab sa ilong o lalamunan o laway	Swab sa ilong o lalamunan	Dugo (mula sa isang finger stick o inilabas na dugo)
Gaano katagal inaabot para makuha ang mga resulta	Karaniwan, 2-6 na araw ngunit ang ilang lokasyon ay nag-aalok ng mga resulta sa mismong araw o kahit na isang oras lang resulta	Isang oras o mas mababa pa	Mismong araw hanggang 3 araw
Ano ang ginagawa ng pagsusuri	Nagtsetsek para sa aktibong coronavirus	Nagtsetsek para sa aktibong impeksyon ng coronavirus	Nagtsetsek para sa lipas na impeksyon ng coronavirus
Ano ang ibig sabihin ng positibong resulta*	<p>Ang isang positibong resulta ay nangangahulugan na mayroon kang COVID-19. Natuklasan ng test ang COVID-19 virus.</p> <p>TANDAAN: Kung ikaw ay muling sinuri sa loob ng 3 buwan pagkatapos na gumaling mula sa COVID-19, ang pagsusuri mo ay maaaring positibo pa rin. Ito ay dahil sa ang pagsusuri ay nakakatuklas rin ng materyales na mula sa patay na virus. Makipag-usap sa iyong doktor.</p>	<p>Ang isang positibong resulta ay nangangahulugan na mayroon kang COVID-19. Natuklasan ng test ang COVID-19 virus.</p>	<p>Ang isang positibong resulta ay nangangahulugan na ikaw ay nahawaan ng COVID-19 sa nakaraan. Natuklasan ng pagsusuri ang antibodies sa COVID-19 virus.</p>

Pagsusuri sa Sakit na Coronavirus 2019

	MGA DAYAGNOSTIKONG (VIRAL) PAGSUSURI Nagpapakita ng kasalukuyang impeksyon	ANTIBODY NA PAGSUSURI Nagpapakita ng lipas na impeksyon
Ano ang ibig sabihin ng negatibong resulta*	<p>Ang isang negatibong resulta ay nangangahulugan na ang pagsusuri ay hindi natuklasan ang virus sa oras na ang pagsusuri ay kinunan.</p> <p>Ang isang negatibong resulta ay maaari ring mangyari kung ang pagsusuri ay kinunan nang napakaaga o hindi natuklasan ng pagsusuri ang iyong impeksyon.</p> <p>Tandaan: Kung ikaw ay isang malapitang nakasalamuha ng isang taong may COVID-19, dapat kang manatiling nakabukod sa buong 14 na araw na panahon dahil maaari ka pa ring magkaroon ng sakit at masyadong maaga para sa iyong pagsusuri na maging positibo (kung ikaw ay nahawaan).</p>	<p>Ang isang negatibong resulta ay nangangahulugan na ang pagsusuri ay hindi nakatuklas ng antibodies sa COVID-19 virus at maaaring hindi ka kailanman nagkaroon ng COVID-19 (tingnan ang seksyon ng antibody sa ibaba).</p>

*Walang pagsusuri para sa COVID-19 ang perpekto. Ang anumang pagsusuri ay maaaring lumikha ng:

- Maling mga negatibong resulta
 - Nangangahulugan ito na ang resulta ng pagsusuri ay dapat na positibo dahil TALAGANG may COVID-19 ka, ngunit sa halip ay negatibo ito.
 - Maaaring mangyari ito, halimbawa, kung ang sample ay hindi kinolekta nang wasto, masyadong maaga ang pagkuha ng pagsusuri, o hindi mahusay na gumapang ang pagsusuri.
- Maling mga positibong resulta
 - Nangangahulugan ito na ang resulta ng pagsusuri ay dapat na negatibo dahil ikaw ay WALANG COVID-19 ngunit sa halip ay positibo ito.
 - Maaaring mangyari ito, halimbawa, kung ang taong sinuri ay napakalabong mahawaan at hindi mahusay na gumapang ang pagsusuri.

Kapag ang Pagsusuri ay Inirerekomenda

Ang pagsusuri ay higit na inirerekomenda para sa:

- **Mga taong may mga sintomas:** Kung mayroon kang [mga sintomas](#) ng COVID-19, makipag-ugnayan sa isang tagapagbigay ng pangangalang pangkalusugan (healthcare provider) at talakayin kung dapat kang masuri.
- **Mga taong walang mga sintomas na:**

- Naging isang “**malapitang nakasalamuha**” ng isang taong kumpirmado sa COVID-19 o pinaghihinalaan na may COVID-19 (kaso) sa loob ng huling 14 na araw. Kahit na ang iyong pagsusuri ay negatibo, kailangan mo pa rin na manatiling nakabukod at kumpletuhin ito.
- Bahagi ng isang pagtugon sa pagsiklab o imbestigasyon ng pakikisalamuha sa mga kapaligiran na may mataas na panganib, tulad ng mga nursing home, mga pasilidad ng koreksiyonal, o mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan.

Ang pagsusuri ay hindi inirerekomenda sa mga taong nagkaroon ng positibong viral COVID-19 na pagsusuri sa nakaraang tatlong buwan kung naipasa na nila ang kanilang [panahon ng pagbubukod](#) at sa kasalukuyan ay walang mga sintomas ng COVID-19.

Paano Kumuha ng Pagsusuri (Test)

- Tawagan ang iyong healthcare provider. Kung kailangan mo ng tulong sa paghahanap ng isang healthcare provider, tumawag sa 2-1-1 o bisitahin ang [211LA](#).
- Ang mga taong nakatira sa La County, anuman ang katayuan sa imigrasyon, ay maaaring humiling para sa isang appointment para sa isang drive through o walk up na pagsusuri sa pamamagitan ng pagbisita sa [lacounty.gov/testing](#) o pagtawag sa 2-1-1.
- Maaari ka ring kumuha ng isang pagsusuri sa ilang mga parmasya. Itsek sa iyong lokal na parmasya.
- Mag-ingat sa mga panloloko sa pagsusuri ng COVID-19 – bisitahin ang aming [COVID-19 pahina ng mga panloloko at pandaraya](#) para sa higit pang impormasyon.

Pagbabayad para sa isang Pagsusuri (Test) upang Masuri sa COVID-19.

- Ang mga taga-seguro sa kalusugan ay inatasan (sa pamamagitan ng pederal na batas) na saklawin ang kabuuang gastos sa pagsusuri para sa virus maging may sintomas ka man o wala. Kailangan na iutos ng isang doktor ang pagsusuri.
- Ang pagsusuri sa pamamagitan ng mga mobile testing site ng County ng Los Angeles at Lungsod ng Los Angeles ay libre para sa lahat ng mga residente ng LA County na natutugunan ang pamantayan para sa pagsusuri, anuman ang kanilang katayuan sa imigrasyon.

Mga Itatanong Bago Ka Kumuha Ng Isang Pagsusuri

- Anong uri ng pagsusuri ang inaalok sa iyo (tignan ang [talahanayan](#)).
- Gaano katagal aabutin para kunin ang iyong mga resulta.
- Paano mo aalamin ang mga resulta.
- Anong mga pag-iingat ang dapat mong gawin habang hinihintay mo ang iyong mga resulta at ano ang dapat mong gawin kung ang iyong resulta ay positibo o negatibo.

Pagkatapos ng pagsusuri, siguruhin na naiintindihan mo kung ano ang ibig sabihin ng iyong resulta.

PAGSUSURI PARA SA NAKALIPAS NA IMPEKSYON NG COVID-19: ANTIBODY NA PAGSUSURI (Serology)

Ang antibody na mga pagsusuri (kilala rin bilang serology tests) ay mga pagsusuri sa dugo na naghahanap ng antibodies laban sa isang virus. Hindi sila naghahanap ng mismong virus. Ang antibodies ay mga protina na ginagawa ng sistema ng immuno (immune system) para tumulong labanan ang impeksyon. Inaabot ng halos isa hanggang tatlong linggo pagkatapos magsimula ng mga

sintomas ng COVID-19 para makagawa ang katawan ng sapat na antibodies na matatagpuan sa isang pagsusuri. Maaari pang abutin ng mas matagal ang ilang tao at ang ilan na naapektuhan ng COVID-19 ay maaaring hindi kailanman makagawa ng antibodies.

Hindi pa natin nalalaman kung ang pagkakaroon ng antibodies sa virus ay mapoprotektahan ang isang tao sa muling pagkakahawa, at kung mangyayari man ito, gaano katagal aabutin ang proteksiyong (immunity) iyon. Hanggang sa mas higit pa ang nalalaman, kahit na ikaw ay nagkaroon ng isang positibong antibody na pagsusuri, dapat kang patuloy na [magsanay araw-araw ng pag-iwas para protektahan ang iyong sarili at ibang tao](#), kabilang ang pagpapanatili ng iyong pisikal na distansya mula sa ibang mga tao, wastong pagsusuot ng isang telang pantakip ng mukha, at madalas na paghuhugas ng mga kamay. Patuloy na maging matalino sa pagpili at iwasan [ang 3 C](#) (confined spaces o kulong na espasyo, crowding o pagsusumiksik, at close contact o malapitang pakikisalamuha).

Ang mga resulta ng antibody na pagsusuri ay hindi dapat gamitin para tukuyin kung ang isang tao ay maaaring bumalik sa trabaho o para pagpasyahan kung sino ang maaaring magsama.

Para higit na matutunan ang tungkol sa paggamit ng antibody na mga pagsusuri upang maghanap ng nakalipas na impeksyon, bisitahin ang [CDC webpage](#).

Mga gamit ng antibody na pagsusuri

Para gabayan ang pangangasiwa sa isang taong may mga kumplikadong sintomas

May mga sitwasyon kung saan maaaring kapaki-pakinabang ang isang serology test (bilang dagdag sa isang viral test) para masuri ang COVID-19, tulad ng:

- Kung ang isang tao ay magkakaroon ng mga kumplikasyon sa kalaunang bahagi ng isang sakit na maaaring iugnay sa COVID-19, tulad ng [multisystem inflammatory syndrome in children](#) (MIS-C).
- Kung ang isang tao ay nagkaroon ng COVID-19 nang ilang mga linggo at ang mga viral test ay negatibo.

Para maghanap ng mga maghahandog ng dugo (blood donors) para sa paggamot ng COVID-19

Ang serology tests ay maaaring gamitin para maghanap ng mga tao na nagkaroon ng impeksyon ng COVID-19 sa nakalipas. Magagawa nilang maghahandog ng dugo na maaaring gamitin para tumulong gamutin ang mga pasyente na may malubhang sakit ng COVID-19.

Para sa siyensya at pampublikong kalusugan

Ang mga siyentipiko at mga organisasyon sa Pampublikong Kalusugan ay gumagamit ng antibody tests para matutunan nang higit pa kung paano ang sistema ng immuno ay tutugon sa COVID-19 virus sa paglipas ng panahon. Maaaring masabi ng antibody tests kung gaano karaming tao sa isang komunidad ang maaaring nahawaan sa nagdaan at kung gaano kalayo ang pagsulong ng pandemya. Maaari rin silang magamit upang makatulong na maunawaan kung bakit nahawahan ang ilang mga tao ngunit hindi kailanman nagpapakita ng anumang mga sintomas.

HIGIT PANG IMPORMASYON

- Pagsusuri sa COVID-19 ng CDC: [webpage](#) na may mga link sa mga pahina sa uri ng pagsusuri at Mga Madalas na Katanungan (FAQs)

Pagsusuri sa Sakit na Coronavirus 2019

- Mga pamantayan sa Coronavirus ng FDA: Ipinapaliwanag ang iba't ibang mga uri ng pagususuri (tests), at kung paano sila isinasagawa at naaaprubahan. [PDF webpage](#)
- Gabay sa pagpapakahulugan sa mga resulta ng pagsusuri sa COVID-19 ng White House/DHHS: Isang [pahina ng talahanayan](#) sa kung paano ipakahulugan ang mga resulta sa pagsusuri (kabilang kapag ang isang kombinasyon ng mga pagsusuri ay ginawa) at pagtutukoy kung anong mga aksyon ang gagawin ayon sa mga resulta.
- [COVID-19 Gabay na Batay sa \(molecular\) mga Resulta ng Pagsusuri ng LAC DPH: Ingles](#)
- [COVID-19 Serology \[Antibody\] Test ng LAC DPH Mga Madalas na Katanungan \(FAQs\): Ingles](#)